**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue I**
**August 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

# SA DULO NG DILA, MAY SIMULA

**ni: JOSEPH E. CEMENA**

May wikang naagnas sa gilid ng pahina,
Inang salinlahi'y ngayo'y tila nawala,
Mga titik nitong minsang isinigaw,
Ngayo'y alingawngaw sa ulap na kupas ang tanaw.

Ngunit sa dilang mapagpalaya't payapa,
Sumisilay muli ang inang mahina,
Wikang Filipino—sandata't salamin,
Na sa limot na wika'y muling bubuhayin.

Hindi lang salita ang hatid ng wika,
Ito'y kasaysayan, kultura't panata,
Sa bawat "alaala," "layon," at "puso,"
Naroon ang ugat ng dugong totoo.

Sa bawat "pahimakas," "dalisay," "gunita,"
Ay kaluluwang gumagala't sumisinta,
Ito ang hiblang nagdurugtong sa lahi,
Kahit ang panahon ay patuloy na humahawi.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com
************************************************************************************************

Kung saan may salitang di na nabibigkas,

May panawagan sa atin ng paglingap,

Huwag hayaang ito'y tuluyang mapatid,

Tulad ng punlang nilimot ng init.

Ituro sa bata, itawid sa kwento,

Iakyat sa dula, iguhit sa puso,

Kung bawat diyalogo'y punô ng layunin,

Babangon ang wika't di na malilimutin.

Sapagkat sa bawat "ako" ay may "tayo,"

Ang wika'y tulay sa lahing totoo,

Kapag Filipino'y tunay na ginamit;

Mag-aalab muli ang tapang sa dibdib.

At sa dulo ng dila, doo'y may simula—

Ang wikang nalimot sa silong ng diwa,

Tandaan mong sa bawat buhay na letra—

Kultura'y nabuhay, diwang ginto'y sinta.

************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
************************************************************************************************